

1

Nagtitiklop ng mga damit na nakatambak sa ibabaw ng kama ang kasambahay nila nang mag-ring ang cellphone ni Kath.

“Tin-Tin, check mo nga kung sino ’yan,” utos niya rito habang naglalagay ng favorite niyang dark brown eyeliner sa ilalim ng kanyang mga mata.

“Si Kuya Ty ulit, Ate Kath.”

Sumimangot siya. “Wag mong sagutin, magsasawa din ’yan.”

“Pero panglimang tawag na yata niya ’to, ’Te. Kawawa naman.”

Padabog na tinakpan niya ang eyeliner. “Hmph! Akin na nga ’yang phone.” Nang hawak na niya ang cellphone ay pinalabas muna niya ng kuwarto si Tin-Tin bago sinagot iyon. Hindi man lang siya nag-hello dahil sa inis. “Ty, for the nth time, stop calling me. Para ka nang stalker, eh.”

“Hon...”

“Stop! Di ba, I told you tapos na ang hon-honey days natin? Now, kung hihingi ka na naman ng second

chance sa tapos na tapos nang relationship natin, wala na! Wala nang second chance!”

“Ho... Kath, please naman. I’m still hoping that you’ll change your mind,” pagmamakaawa ng ex niya. “Kung nagseselos ka d’un sa mga girls na nakita mong kausap ko sa office, na-explain ko na sa ’yo na mga applicants lang sila.”

“Me? Nagseselos? Masyado ka namang mayabang. Di ba ang sabi ko, okay lang. Kahit dagdagan mo pa. Alam mong hindi ako selosa.”

“Eh, bakit nakipag-break ka sa ’kin?”

“Tyrone Villegas, n’ung naging mag-on tayo, ang agreement, although wala tayong kasulatan, anytime one of us wants out of the relationship, go! Walang excuses, walang ‘why naman’, ‘why me’, ‘why this’, ‘why that’. Di ba maliwanag ’yun sa ’yo?”

“Kath, ang labo talaga, eh.”

Gusto na niyang ibato ang phone, pero mahal ito kaya hinigpitan na lang niya ang hawak dito at in-imagine na leeg iyon ni Ty.

“Kung sa umpisa pa lang ay malabo na pala sa ’yo ang agreement natin, ba’t di ka nagtanong for the past six months?”

“You’re a sadist, Kath. Valentine’s Day na next week, alam mo ba ’yun?” naiiyak na sabi ni Ty.

“Whatever. Di ko na problema kung wala kang Valentina, ’no! You know what? Don’t waste your time calling me. Maghanap ka na ng makaka-date mo.” At sa isip ay, *Piliin mo kaya ’yung may cobra sa ulo para matuka ka.* “Goodbye, Ty, may appointment pa ’ko in an hour. Good luck na lang sa ’yo and sa new girl mo, okay?”

Iyan si Katherine Castillo. Twenty-three years old, marketing assistant sa Philippine branch ng isang international fashion boutique chain of stores. Moderna, malakas ang loob at über ang katigasan ng ulo. In the past two and a half years ay nakaapat na boyfriends na siya. Sa lahat ng guys na iyon ay nakipag-break siya after exactly six months.

Playgirl? Madaling ma-bore? A mean bitch? Well, iyan na nga ang mga tawag sa kanya ng unang tatlong boyfriends na kinalasan niya. At ngayon, nadagdag pa ang adjective na ‘sadist’, ayon kay Ty. Pero may pinanggalingan ang hindi magandang ugaling ito ni Kath.

Nineteenth birthday party niya noon. Imbis na dumating na may dalang regalo ang boyfriend niya of six months na si Bobby ay nakatanggap siya ng text

Boyfriend For The Moment - Betty Soler

message na nakikipag-split na ito sa kanya. Iyon lang at hindi na niya nakita uli ang lalaki. First ever serious relationship niya ito dahil hindi siya pinayagang makipagnobyong mga magulang niya hangga't di pa siya nakakapag-debut. Ang tagal pa naman niyang nainggit sa mga kaibigan niyang may mga kasintahan na, pagkatapos nang mayroon na ay balewala lang pala sa lalaking iyon ang relationship nila.

Noon tumanim sa isipan niya na ang panliligaw ng ibang lalaki ay laro lamang para sa mga ito. Parang sugal. Kapag napasagot ng 'oo' ang babae ay suwerte at nabu-boost ang ego nito. At si kawawang babae, kapag girlfriend na ay unti-unti nang nawawalan ng interes ang boyfriend nito. In a few weeks, gagala na ang mga mata ni lalaki, maghahanap na ng bagong thrill sa panliligaw sa iba. In a few months, goodbye and good luck na lang sa babae.

"It's unfair!" lagi niyang sinasabi sa buwan. Paulit-ulit pa kung full moon ito. Sa sobrang sama ng loob ay isang taon siyang depressed, walang katapusang crying moments at nagkukulung lang sa bahay at nakikinig ng mga depressingly sad love songs sa radio. Nawala lang ang pag-aalala ng kanyang mga magulang nang magsimula ulit siyang sumamang makipag-shindig—translation, gimmick; narinig niya sa radio kay Korina Sanchez—sa mga

Boyfriend For The Moment - Betty Soler

close friends niya at mag-entertain uli ng suitors. Ang hindi nila alam, may agenda na si Kath. Kung kaya siyang i-dump ng isang lalaki nang ganoon kadali, kaya din niyang gawin ito sa kanila!

Yes, she's going to get even. Pero hindi naman forever. Gusto rin naman niyang makapag-asawa bago siya matuksong old maid.

Six months na lang at matatapos na ang tinatawag niyang 'Kath's sixth monthsary syndrome'. That means four unlucky guys down, and only one more to go.

"Nakipag-break sa 'yo ang girlfriend mo, Cuz?" Nakasimangot na inakbayan ni Sim ang nakatulalang pinsan niya.

Huminga muna nang malalim bago umiyak si Ty. Pagkatapos ng ilang minuto ay pinunasan nito ang makakapal na lenses ng salamin sa mata at ikinuwento sa nagbabakasyong pinsan ang ginawa rito ni Kath.

"She's the queen of mean, Sim. Alam mo namang she was my very first girlfriend. Tuwang-tuwa pa ako nang hindi niya 'ko pinahirapang ligawan siya. 'Tapos, 'tapos... from very, very sweet, naging very, very cold

na siya. Hindi ko talaga ma-gets, Sim. May nabili pa naman akong bracelet para sa kanya sa Valentine's Day. Surprise gift sana kasi she loves surprises. 'Yun pala ako ang masosorpresa. Ngayon pa lang sana ako magse-celebrate ng Valentine's Day na may girlfriend, eh."

Parang iiyak ulit ang pinsan, kaya inakbayan niya ito at ibinigay ang iniinom niyang *Coke* in can.

"Easy lang, Cuz. Naiintindihan kita. The truth is, nagtaka nga ako nang ibalita mo na after just one week ay sinagot ka na ng Katherine na 'yun. Kahit sa Vienna, mabilis na sa akin ang magka-girlfriend after a month's courtship lang. Dito pa kaya sa 'Pinas." *At ikaw pa na hindi naman sanay manligaw*, sa isip niya.

Since toddler years nila ay close na ang magpinsan dahil parehong nag-iisang anak at twin sisters pa ang mga mommies nila. Nagkahiwalay lang sila nang mag-migrate sa Austria ang pamilya ni Sim pagkatapos niyang mag-graduate ng high school.

Kahit identical twins ang mga mommies nila ay magkaibang-magkaiba naman ang physical appearances at personalities nina Simon Durante at Tyrone Villegas. Kung si Ty ay hindi makabasag-pinggan, si Sim naman ang dahilan kung bakit laging may high blood pressure ang kanilang lolo at lola

mula noong bata pa siya.

Si Ty ang typical na nerd with thick prescription eyeglasses. At si Sim, well, hindi man kasing-tisoy ng pinsan ang features niya, ay artistahin naman ang dating. All six feet and one inch of him.

Kahit magkapatid na ang turingan nilang dalawa ay no way na ipakikilala siya ni Ty sa mga officemates nito sa call center. Lalong no way sa nobya nito. Well, dating nobya. Naiintindihan naman ni Sim ang damdamin ni Ty.

*Pa'no ko ba siya patatawanin? Kawawa naman.
Hmm...*

Binuklat niya ang binabasang magazine kanina at may ipinakita siyang page kay Ty. Nakalarawan doon ang solar system.

“Alam ko na kung bakit mahirap intindihin ang ugali ng mga babae, Pinsan. Eto, o. May interesting article dito sa magazine ni Tita Jean. According to this, ang lahat ng planets ay nagre-revolve sa sun pa-counter clockwise except, except Venus, ha! The planet of beauty and love. Clockwise ang ikot niya, Bro. As Lola Mathilde would say, pasalungat sa iba. Kakaiba talaga ang mga babae, di ba?”

“Matagal ko nang alam ’yan, Sim,” malungkot

na tugon nito.

Yeah, of course he already knows. I forgot, nerdy-nerdy nga pala ang pinsan kong 'to, natatawa na lang na sabi niya sa sarili. Mayamaya ay may naisip siyang paraan para huwag umabot si Ty sa pagiging clinically depressed. Inakbayan niya ang pinsan. "May naisip akong way para makaganti tayo sa Katherine na 'yun. We'll get even, Cousin."

"We?" Biglang kinabahan si Ty. Ano kayang kapilyuhan ang nasa isip ni Sim? At bakit biglang kasali na siya sa problema nito? At... paghihiganti? Kay Kath?

"Yup! Leave it to me, Ty."

"Hindi ko yata gusto 'yan, Sim."

"C'mon, Cuz! Hindi naman natin siya kikiidnapin or something. We'll just give her a dose of her own medicine. How bad can that be?"

"You mean..." At naunawaan nito ang gustong mangyari ng pinsan. "Oh no. No, no, no! Babae siya, hindi yata dapat."

"Anong hindi dapat? If she was able to play with your feelings, so can you. I mean, me. I mean, we." Tinapik niya ito sa balikat saka ngumisi. Ganitong-

ganito siya noong maliliit pa sila ni Ty kapag niyayaya niya itong gumawa ng mga kalokohang ikatataranta ng mga mommies at Lola Mathilde nila.

Talagang ayaw ni Ty. “Magagalit si Mommy pag ginawa natin... mo ’yan. She likes Kath. Although, parang hindi niya type maging balae ang mom ni Kath.”

Pero likas na matigas ang ulo ni Sim. “Hindi pa kasi alam ni Tita Jean ang ginawa sa ’yo ng ex mo. O, ano?”

“Don’t tell her, Sim. Alam mo namang over sa pagka-protective sa ’kin si Mommy. Baka sugurin niya si Kath.” Namumutla na si Ty. Paano kung mag-eskandalo sa bahay ng dalaga ang mommy nitong may pagka-amazona?

“Ty, igaganti kita, whether you like it or else.”

‘Whether you like it or else.’ Iyan ang paboritong sabihin ni Sim sa sunud-sunurang si Ty mula pa noon. Makakahindi pa ba ang pobreng pinsan niya?

“What? No more Tyrone?” pasigaw na tanong ng best friend at neighbor nilang si Debbie. “Kath, alam kong hindi masyadong cutie si Ty, pero gosh

naman, super-duper mabait siya. Most attentive, most considerate, most understanding, most gentlemanly..”

“Etcetera, etcetera. What can I do? Ayoko na sa kanya.”

“Teka lang, ha. Bakit pag malapit ka na yatang bigyan ng engagement ring ng mga naging boyfriends mo, bini-break mo na sila. May altar phobia ka ba?”

Napatawa si Kath. “Baliw! Altar phobia ka d’yan.” Tumayo siya at pinindot ang pause sa remote. “May potato salad nga pala sa ref. Magmerienda muna tayo.” Nilingon siya ng kasambahay na noon ay nakatuntong sa silya at nakikinig sa usapan nila ni Debbie. “Ako na lang ang kukuha, Tin-Tin. Tapusin mo na ’yang pagpapalit ng curtains,” sabi niya rito. “Coke or juice, Debbie?”

“Kung fresh pineapple juice ’yan, yes,” sagot ng kaibigang ‘Miss Organica’.

Nang nasa kitchen na siya ay bumaba sa tinutuntungang silya ang usiserang kasambahay at binulungan si Debbie. Pakumpas-kumpas pa ang maiikling braso at kamay nito.

“Ate, kawawa talaga si Kuya Ty. Nagmamakaawa kay Ate Kath sa telepono, pero talagang ayaw na ayaw nang makipagbalikan ni Ate. Na-imagine ko ba

Boyfriend For The Moment - Betty Soler

ang mukha ni Kuya nang tinarayan din siya ni Ate Kath n'ung Chinese New Year. Parang gusto ko tuloy ipagluto si Kuya Ty ng paborito niyang ginataang tilapia saka dadalhin ko sa kani—”

“Ahem!” Nakatayo na pala sa likuran nila si Kath. “Kung tapos ka na d'yan sa kurtina, magmerienda ka na sa kitchen, Augustina.”

“Opo, 'Te.” Nakatungong naglakad ito papunta sa kusina.

“Usiserang froglet! On mo na nga 'yang player,” sabi niya.

“Buti pa nga si Tin-Tin, may maawaing puso. Di gaya ng isang kilala ko,” tumatawang panunukso ni Debbie.

Tinusok niya ng tinidor ang braso ng best friend. “Nothing you and froglet can say will change my mind. FYI.”

Ilang minuto ang nakalipas bago nangulit ito. “FYI din, ha. Mahiwagang kaibigan ka rin, eh. Akala mo yata hindi ako gumagawa ng computation. Tuwing nagkaka-boyfriend ka, eksaktong six months lang bawat isa sa kanila. At bakit daw gan'on?”

“So?”

“So ka d’yan! Sabihin mo nga sa ’kin kung ano’ng naka-turn off sa ’yo sa kanila.” Nagbilang ito sa daliri. “Si Arthur?”

“He was too malamya. Di ako kayang ipagtanggol sa mga hold-uppers.”

“Eh, si Don?”

“Boring. Baka mamatay pa ’ko sa boredom ever.”

“Kevin?”

“Hindi nerd, hindi hunk. Very generic-looking.”

“At si Tyrone?”

“Sobra naman siyang nerd at shy. Siguradong virgin pa rin siya hanggang sa mamatay ang mother niya.”

Muntik nang maibuga ni Debbie ang pineapple juice. “Hoy, Katherine! Akala mo ba naniniwala ako sa mga reasons mong ’yan? It’s either sobrang coincidence lang na may nagawa silang kasalanan sa ’yo after six months, or may timetable ka.” Nangingkit pa lalo ang tsinitang mga mata nito. “May timetable ka nga, ano! Wow, Ateng! May big secret kang itinatago sa one and only best friend mo. That’s so unfair! You’re so unfair naman!”

“You just said it. Big secret. Bakit ko sasabihin sa 'yo? At saka ikaw lang ba ang best friend ko, ha?”

Pinagtawanan lang siya ni Debbie. “Hah! May aso ka nga pala. Nas'an na nga pala si Prada?” Ito ang pangalan ng black and white Chihuahua ni Kath dahil matagal na niyang pangarap na magkaroon ng über expensive na *Prada* outfit.

“Nasa vet. Nagpapa-executive checkup.”

“O, ngayon, ano na ang plano mo sa Valentine's Day?”

“Blind date uli tayo.”

Bigla itong napalunok. “Ba't kasama mo na naman ako?”

“Pababayaang mo 'kong makipag-blind date mag-isa? Gusto mo bang i-ban ka ni Mamita dito? At lilipat na kayo sa Tagaytay. Ikaw din, last chance mo na 'to.”

“O, akala ko ba may iba ka pang best friends? Sila na lang ang isama mo.”

“Ikaw ang gusto ko, eh. At pakyems ka pa, wala ka rin namang ka-date. Pasalamat ka pa nga sa 'kin kasi PR man namin ang makaka-date mo. Si Rances.”

“Baka naman pangalan lang ang cute sa kanya,

ha. Anong apelyido?”

“Ano, para hanapin mo sa *Facebook*? Wala ka talagang element of surprise.”

“Eh, ’yung sa ’yo?”

“Si Joseph? Di ko pa nasa-sight. Blind date nga, ano ka ba?” Nag-end tuloy ang movie na hindi nila naintindihan. “Tara, sama ka. Sunduin natin si Prada.”

2

Nakangiting pinapanood ni Sim ang pagdi-dinner nina Kath at Debbie sa mga ka-dates sa *Ristorante Giulio*. Kahit hindi niya naririnig ang pinag-uusapan ay nababasa niya sa body language ni Kath na hindi ito nag-e-enjoy.

Nalaman ni Ty mula kay Tin-Tin na may blind dates ngayong gabi ang dalawang babae. Sa pagkausisera ng kasambahay ay alam din nito kung saang restaurant, eksaktong oras at pati pangalan ng mga guys.

Talagang pinaghandaan ni Sim ang araw ng pagmi-meet nila ni Kath. Nang malaman niyang dog lover ito at mayroong female Chihuahua ay bumili siya kaninang umaga ng male Chihuahua kahit na ayaw niyang mag-alaga ng aso. Pati pangalan niyon ay ibinagay niya sa pangalan ng alaga ni Kath.

Para huwag mapansin ng dalaga ay pinili niyang sa pinakasulok na table maupo, pero iyong natatanaw niya ang ex ni Tyrone. Hindi pa siya gagawa ng move para makilala siya nito. Okay lang na mag-observe lamang siya ngayong gabi. At natutuwa naman siya dahil nakikita niyang panay ang sipa ni Kath sa paa

Boyfriend For The Moment - Betty Soler

ni Debbie sa ilalim ng mesa. Ang isang iyon naman ay halatang nag-e-enjoy. Sigurado siyang sa apat ay si 'Queen of Mean' lang ang hindi masaya sa date.

So, she's prettier in person.

Habang sumusubo ng specialty of the house na crispy flatbed pizza kasama ang *Miller Lite* beer ay hindi halos maalis ang tingin niya kay Kath. Kakaiba nga ang beauty nito. Hindi masasabing classic ang facial features nito dahil may kalakihan ang bilugang mga mata ng dalaga, doe-eyed. Hindi katangusan ang ilong, pero maganda ang shape niyon at medyo makipot ang bibig with full lips. Pero pagsama-samahin ang features na ito sa oval-shaped face topped with short cropped hair and a slim body, isang pixie o elf-like looking girl ang nabuo.

Well, Miss Mean, tomorrow, we'll meet face to face. Sisiguraduhin kong ako ang una mong makikita pagdating mo sa animal house, pangako niya sa sarili. Pati ang follow-up sa veterinarian ay naikuwento rin ni Tin-Tin kay Ty. In fact, lahat ng lakad ni Kath ngayong weekend ay alam na nilang magpinsan. God bless Tin-Tin and all kasambahays like her! nakangiting sabi niya sa sarili.

Boyfriend For The Moment - Betty Soler

Kung hindi lang PR Man nila si Rances at mukhang nag-e-enjoy ito at si Debbie ay kanina pa iniwan ni Kath si Joseph. Dahil mga twelve times na yata siyang nakipag-blind date these past two and a half years, na-perfect na niya ang maging isang escape artist. Ito ay kung thumbs down sa kanya ang lalaki. Turn off na turn off sa kanya ang mga usual lines tulad ng kung ano ang paborito niyang kulay, kung relihiyosa ba siya, kung ano ang mga ayaw niya at kung anu-ano pa. So slumbookish para sa smart na dalaga ang mga ganoong questions. At exactly ang mga iyon ang tanong sa kanya ni Joseph kanina.

Okay, yummy na kung yummy ang guy na 'to. Pero jejomar naman, hindi porque gusto ko pang magkaroon ng last victim ay pagtitiyagaan ko na ang mentally anorexic na 'to for six months! Naibigay yata ng Diyos ang utak nito sa daga, eh. Oh, how I hate this night! buwisit na sabi niya sa sarili. Pigil na pigil ang pagsimangot niya habang nagsasalita si Joseph.

Sa tabi niya ay naririnig naman niya ang pag-uusap nina Debbie at Rances.

“...and of course ang vegan ay hindi kumakain ng kahit anong meat at dairy products. But I am what you'd call a lacto-ovo, Debbie. Meaning vegetarian ako pero I also eat eggs, cheese and I drink hot choco.”

“Me, too! ’Yung ibang babaeng kilala ko nga’y organic food at toiletries ang gamit nila, pero nagpapa-botox naman! Parang, hello! Chemical overload! Hay, Rances, nakakatawa sila talaga!”

Pareho palang taga-Planet Organica ang mga ’to. Pero in-sync sila, di tulad namin nitong ka-date ko. Buti pa si Debbie nag-e-enjoy. Napabuntunghininga na lang si Kath.

Lumapit sa table nila ang head waiter. May hawak itong dalawang pink roses na ipinatong nito sa tabi ng wineglasses nina Kath at Debbie.

“Advance Valentine’s Day, ladies. Compliments of the management and staff of *Ristorante Giulio*. The band will be here in a few minutes. Do you like jazz music, Ma’am?” tanong pa nito sa kanya.

“Ah, I bet favorite ni Kath ang tutugtugin ng banda,” anang ka-date niya, may ngiti at kindat pa sa kanya.

Tiningnan lang nang masama ni Kath ang head waiter.

“Good girl, Prada. You’re a very good girl na, kasi hindi mo na kinutkot ang seat cover ng car ni Papi.

Love you, love you! Hmm... bango!”

Pinupog ng halik ni Kath ang maliit na bumbunan ng aso niya habang naglalakad sa parking lot. Pagharap niya sa direksyon ng pinto ng animal houseay nagkasalubong sila ng isang lalaki. Muntik na siyang bumunggo rito at mabitiwan ang aso.

“Jejomar!” naitili niya. Nang mapatingin siya sa mukha ng lalaki ay sandaling parang namatanda siya.

“Oops!” sabi nito.

Pero mabilis niyang na-compose ang sarili. At sino ba naman ang hindi kaagad ibabalik ang poise kung ang katulad ng estrangherong ito ang gugulat sa kanya.

“Sorry, ha? Hindi ko nakitang may kasalubong pala ako.”

“Don’t worry, Miss. Ako rin naman, hindi kita napansin,” sagot ng kaharap.

Ang cute at sexy kong ’to, hindi ako napansin? You need eyeglasses, pronto!

“Cute doggie. Chihuahua rin ang aso ko, si Hermes. He’s inside, nakalimutan ko lang sa kotse ang vaccination booklet niya.”

“Hermes? My dog’s name is Prada. What a weird coincidence. Parehong fashion brands pala ang names ng mga dogs natin.” Nakangiti na siya nang maganda sa kausap.

“Cousin ko actually ang nagpangalan sa kanya. Kahapon ko lang siya binili sa *Bio Research*. I’m Simon Durante. You can call me ‘Sim’.” Inilahad nito ang kamay para makipag-shake hands sa kanya.

“Katherine Castillo. Kath for short.” Mas gumanda pa ang ngiti niya. May kahigpitan ang pagkamay sa kanya ni Simon, at mas matagal nang ilang segundo sa isang normal handshake. *Amoy aso ang kamay ko, nakakahiya sa kanya. Pero teka lang, siya rin naman siguradong amoy aso rin ang kamay.* Lihim siyang natawa sa sarili.

Nang matapos ang medyo longer than usual handshake nila ay nag-excuse na ito. “Well, naistorbo na yata kita. I’ll see you inside. Para magkakilala rin ang mga aso natin,” nakangiting sabi nito. For her, it was a perfect smile.

“Sure.” Pero hindi kaagad siya pumasok sa loob ng animal hospital. Gusto niyang makita kung anong type ang sasakyan nito. Ang nilapitan nito ay isang four-door, light gray, latest model *Kia Optima*. *Nice taste! Mas maganda sa car ni Papi,* sabi niya sarili.

Nakaupo na siya sa waiting area nang pumasok si Simon. Ngumiti ito nang mapadaan sa tapat niya para lumapit sa isang staff ng animal house. Pagkabigay rito ng vaccination booklet ay naupo na ang lalaki sa tabi niya.

“What’s wrong with your dog?” tanong nito sa kanya.

“Oh, nothing. Sked lang ni Prada for booster shot today. Nabigyan na siya ng anti-rabies shot last week, eh.”

“Maybe we can leave our dogs here for an hour or so. Mag-snack muna tayo sa *McDo*. Meron pala d’yan sa kanto. What do you say?”

“Okay with me,” nakangiti niyang sagot.

Sa *McDonald’s*, naupo na si Kath habang nakapila si Sim. Pinagmasdan niya ito. Napangiti siya dahil ganoon din ang ginagawa ng ilang babae na nakapila sa tabi ng bagong kakilala. Magnet sa mga ito ang height, black hair at soulful brown eyes ng huli. Parang hindi nito pansin ang mga iyon. O siguro ay sanay na.

Well, I can’t blame these girls. Talaga namang to-die-for ang Simon na ’to. At hmm... parang attracted din agad siya sa ’kin, ha! What if, ligawan niya ’ko?

Boyfriend For The Moment - Betty Soler

Ano kaya ang sasabihin ng mga officemates ko pag nakita siya? Biruin mo, from a guy that looks like Tyrone Villegas to this Simon Durante. Ang laking improvement, Kath girl! sabi niya sa sarili. Mukha ngang interested din ang lalaki sa kanya, kung hindi ba naman ay bakit nandito sila ngayon sa *McDonald's*?

Nang sa wakas ay naka-order din si Simon, inilapag nito ang tray na may lamang Chicken McDo with rice, cheeseburger, coleslaw, *Coke* floats at bottled waters.

“Rice for merienda?” naitanong niya dahil alas cuatro pa lang ng hapon.

“Oo. Na-miss ko kasi ang rice na luto dito,” sagot nito habang inaalis sa tray ang orders nila.

Binuksan niya ang container ng coleslaw niya. “Ha? Why, s’an ka ba galing? Balikbayan ka ba?”

“Yeah. I’m here on vacation from Austri...” Tumigil ito at tumikhim. “...from Australia. Naka-box kasi ang rice doon. Parang breakfast cereals sa mga supermarkets. Hindi masarap.”

Napunta ang usapan nila sa mga alaga nilang Chihuahuas. “Sabi mo you’re on vacation, dadalhin mo ba ang dog mo sa Australia?”

“Ah, no!” mabilis na sagot nito. “Iwan ko siya sa grandfather ko.”

“Are you staying here long?”

“Maybe two months or more. Depende.” Nagkibit-balikat pa ito. “Gusto kasi ni Mommy na dito mag-spend ng Holy Week.”

“Two months? Bakit ka pa bumili ng aso kung ganoon?”

“Ha? Ano... para hindi ko ma-miss ang mga... Pit Bulls ko back home.”

“Pit bulls! Those are powerful dogs!” gulat na sabi ng dalaga.

“Yeah, that’s why hindi ko p’wedeng iuwi doon si Hermes. He’s too small, baka matakot siya. Iwan ko siya sa bahay ng grandparents ko. My lolo loves dogs too,” kuwento ni Simon sa pagitan ng pagsubo ng rice at chicken.

“I’m just curious, ha. Why a Chihuahua? Ba’t di Pit Bull na rin ang binili mo if you like them?”

“Yun ang sabi ni T... Tina, my cousin.”

“Mahilig din bang mag-alaga ng aso ang pinsan mo?”

“Hindi nga, pero fashionista siya. Just like you, I guess.”

Natawa si Kath. “Halata ba? I work for a fashion boutique kasi. Is your cousin a model?”

Natawa rin ang binata. “My cousin, a model? He’s too shy to be one.”

Kumunot ang kanyang noo. “He? You mean, your cousin Tina is a man?”

“No. He’s gay,” nakangising sagot nito.

Halos ibato ni Sim kay Ty ang brown Chihuahua. Naupo siya sa tabi ng pinsan sa sofa at inagaw ang hawak na soft drink nito at ininom.

“Umihi ang asong ’yan sa kotse ni Lolo! Sasabunin ko pa ngayon ang seat cover n’un,” umiiling na sumbong niya rito.

Pinagtawanan lang siya nito. “Eh, kanino bang bright idea ang paghiram ng car kay Lolo Paulo at bumili ng aso, ha?”

“Yeah, akin ngang idea pareho ’yun, pero nagsisisi na yata ako sa pagbili sa asong ’yan. Everytime he looks at me, parang gusto akong kagatin.”

Binawi nito ang soft drink. “Kasi nga gusto mong mapalapit agad kay Kath and a dog is a sure way to do that. So, how did it go?”

“We’re having a Valentine’s date on Tuesday!” masayang sagot niya.

“Talaga?” malungkot na tugon ni Ty.

Na-guilty naman siya. “Hey, Cuz, alam mong hindi totoong date para sa ’kin ’yun.”

“I know. Ang bilis niyang pumayag, ha.”

“Yeah. Gan’on yata talaga ang ex mong ’yun. Mabilis mag-decide... kaya siguro mabilis ding magpalit ng isip.” Inakbayan niya ang pinsan. “You don’t deserve her, Ty. Hindi siya naging fair sa ’yo. You deserve someone better.” Tumango lang ito. “But she’s really pretty. And her eyelashes, akala ko fake pero hindi pala. Meron lang siyang weird-sounding word na sinasabi tuwing nagugulat siya.”

Natawa na si Ty. “Ah, jejomar. Pauso nila ng best friend niya. Short for Jesus, Joseph and Mary. Modern version of Lola Mathilde’s ‘susmaryosep’.”

“Duh! Women invent funny words, don’t they?” Umiling-iling siya. “Well, gotta clean the damn car.” Nang tumayo siya ay napagtuunan niya ang buntot

ni Hermes. Sinunggaban nito ang kamay niya. “Aw! This dog really hates me!”

Nagmemerienda si Debbie nang dumating si Kath sa bahay nila. May usapan kasi silang panonoorin ang bagong DVDs na binili niya.

“Sabi mo mga thirty minutes ka lang magtatagal sa animal house. Two hours na akong naghihintay sa ’yo rito, ah. Nakailang text na ’ko sa ’yo pero hindi ka sumasagot. What? Nakalimutan mo na bang niyaya mo akong pumunta rito? Sana pala nagpa-hot oil muna ako kanina.”

“Wow, violent reaction! Reklamadora! C’mon, d’un tayo sa bedroom ko.”

“Ay, ayoko d’un; maliit ang TV mo, eh.”

“Okay, dito tayo manood sa sala pero hindi ko ikukuwento sa ’yo ang tungkol sa super hot guy na na-meet ko sa animal house. Just remember, the walls have ears,” parinig niya sa umaaligid na si Tin-Tin.

“Ah, oo nga naman,” sang-ayon ni Debbie. “Super hot ba talaga? Then, go na tayo sa bedroom mo, girl!” Nauna pa itong umakyat sa kanya sa hagdanan.

At ikinuwento nga niya sa kaibigan ang tungkol

kay Simon.

“At talagang naghintay ka pang makauwi rito bago mo chinicka sa ’kin ’yan?”

“Sa gusto kong sabihin sa ’yo in person, ’no! And I want to see your face when I show you this...” Inilapit niya ang kanyang *BlackBerry* sa mukha ni Debbie, naka-open sa kinuha niyang photo ni Simon kasama sina Hermes at Prada.

“Jejomar, Ateng! Pa’no mo nakilala ang prince of seduction na ’yan?” Bumilog ang chinky eyes ni Debbie at inagaw pa nito ang cellphone.

“We bumped into each other. O, inggit ka, ’no?”

Umismid ito pero tiningnan uli ang larawan ni Simon. “Hindi naman grabeng inggit, ha! Kaya lang ba’t gan’on, you always get the hot guys?”

“Gaga! Sinong hot guys ang sinasabi mo? Si Tyrone the nerd? Si Joseph slumbook? Gusto mo sa inyo na ni Tin-Tin ang dalawang ’yun, eh.”

“Weh? Cute naman sila, ah. Pero, seriously, ito bang Simon Durante na ’to ang magiging next poor boy, I mean, next boyfriend mo for six months?” Tiningnan niya nang masama ang kaibigan. “Sorry, just joking.”

Tinalikuran niya ito. *Si Simon ba ang next in line? Kaya ko bang gawin sa kanya 'yun? A dog lover just like me? Syet! Ba't ba na-meet ko na siya ngayon? Dapat after six months pa!*

Nagulat pa siya nang sikuhin ni Debbie. “Hoy, sorry kung naistorbo ko ang paglipad mo sa outer space, ha. Pero kung mas type mo ang Simon na 'to kay Joseph, p'wede bang ipakilala ko na lang siya sa Ate Lali ko para umuwi na dito ang bruha ng 'yun? Burado na kasi ang beauty ko sa kakaalaga sa mga anak niya, eh!”

“Pag-iisipan ko,” sagot niya.

Ang naisip nila ni Ty for a Valentine date ay gawin iyon sa *Amber Ultra Lounge* sa *The Fort*. Iyon ang highly recommended place ng isang officemate nito at doon sana nito dadalhin si Kath kung hindi lang minalas ang love life nito. Hindi pa nakakapunta sa *The Fort* si Sim, kaya doubly excited siya ngayon.

Inaamin niya sa sarili na attracted siya kay Kath, pero hindi ibig sabihin nito ay gusto niyang maging totoong girlfriend si Pixie Mean Girl. Sayang dahil matagal siyang naghanap ng babaeng katulad ni Kath.

Boyfriend For The Moment - Betty Soler

Someone so hard to find should not be so easily lost, sabi niya sa sarili.

Pero hindi ito ang para sa kanya dahil sinaktan nito ang sensitive niyang pinsan. Bibigyan lang niya nang ilang linggong sweetness ang babaeng iyon. Base sa observation niya ay baka maging nobya na niya ito within the week. Pinaglaruan niya ang bracelet na binili ni Ty para kay Kath. Nagtunugan ang charms na nakasabit dito, kaya nagising si Hermes na natutulog sa paanan ng kama at inungulan siya.

3

“Baby pink silk blouse. Check. Gray skirt. Check. Gray and white *Coach* hand bag. Check. Cream satin to-die-for *Jimmy Choo*. Check na check! Inggit-inggitan talaga ako sa mga gamit mo, Best Friend! Kahit nabili mo lang ang mga ito sa employees’ sale n’yo, winner ka pa rin, Ateng!” sabi ni Debbie.

“Ano ka ba, two years out of style na ang shoes at bag na ’yan sa New York kaya pinahulugan na sa amin. Hindi na kasi bibilhin ang mga ’yan ng mga elitistang customers namin, di ba naman?”

Itinuloy niya ang pagbabasa ng *Vanity Fair* na ang cover ay ang paborito niyang Hollywood actress na si Angelina Jolie. Dumapa rin sa kama ang kaibigan sa kanyang tabi.

“Still, sigurado akong mas in style ka pa rin sa Valentine. Pang-The Fort talaga ang arrive mo!” Napansin nitong parang wala sa mood ang BFF kaya siniko siya nito. “O, bakit parang naholdapan ka ng sampung cellphones d’yan? Hindi ka na ba excited kay Simon? Unbelievable yata ’yan.”

Hindi sumagot si Kath.

“Baka nami-miss mo na ’ko now pa lang,” pagbibiro nito. “Ako din yata mami-miss kita nang bonggang bongga- Si Ate Lali kasi, eh, hindi tumigil hangga’t hindi napapayag si Madir na lumipat kami ng bahay. Gusto yata mas maging matalino pa kay Einstein ang mga anak niyang may Attention Deficit Disorder,” nanghahaba ang ngusong sabi nito.

Kaya lilipat si Debbie at ang pamilya nito sa Tagaytay ay dahil sa kagustuhan ng nakatatandang kapatid nito. Nagkakasakit kasi ang mga anak nito sa sobrang pollution sa lungsod.

Doon na titira sa family compound ng namayapang bayaw ni Debbie ang mga ito. Si Lali na isang biyuda ay nagtatrabaho bilang English teacher sa Japan, kaya naiwan sa pag-aalaga ng kapatid at ina ang dalawang maliliit at makukulit na anak na lalaki. Kaya nga hindi na nag-apply sa regular office job ang kanyang kaibigan at nag-ahente na lang sa isang sikat na direct selling company ay para may katulong ang nanay nito sa pagbabantay sa mga pamangkin at sa maliit na cupcakes business ng huli.

“Si Joseph na ang Valentine date ko bukas. Tama ka, hindi na ako excited makasama si Simon.”

Napanganga ito nang sabihin ni Kath iyon.

“Weh? Hoy, Katherine, ’wag mo nga akong pinasasakay sa balat ng piña, ha! Paniwalain daw akong mas exciting para sa ’yo si Joseph kaysa kay Simon. Never!”

Bilang sagot ay nag-drawing siya ng sad face sa page ng magazine at ibinigay iyon sa kausap. Ayaw niyang sabihin dito ang totoong rason dahil secret pa rin niya iyon sa kaibigan. Natatakot siyang hindi okay rito ang ginagawa niyang paghihiganti sa mga lalaki at baka makasira pa iyon sa friendship nila.

Nagpaalam na si Debbie na uuwi dahil tinawagan ito ng ina. Binuksan ni Kath ang kanyang *iPod* at tiningnan for the nth time ang mga photos na kinunan sa animal house. Si Sim with Hermes and Prada, Hermes and Prada, Sim with a growling Hermes, Kath with sweet-tempered Prada, Kath with the two Chihuahuas, Sim with a mama Siamese cat and its three kittens, and finally, Kath, Hermes, Prada and Sim. Nakaupo sila sa sahig habang kandong ang kanilang mga aso.

Niyakap niya si Prada. Katabi niya ito sa kama habang nilalaro ng aso ang favorite nitong *Snoopy* stuffed toy.

“Baby, ikaw lang ang nakakaalam ng real reason tungkol sa feelings ko kay Simon. Kung ikaw ba ang

papipiliin ko between Simon and Joseph, sino ang gusto mong maging susunod na boyfriend ko for the next six months? Oo, six months lang ulit, di ba? And after that, tapos na rin sa wakas ang paghihiganti ko sa mga lalaki! Sorry na lang sila kasi hindi ko na magagantihan nang personal ang tukmol na Bobby na 'yun.”

Dinilaan ni Prada ang ilong at pisngi niya.

“Iyan ang gusto ko sa 'yo, Baby, marunong kang makiramay kahit hindi ka nakakapagbigay ng payo. Basta kampi tayo, ha? Teka lang, siguro si Sim ang pipiliin mo kasi crush mo si Hermes, ano?” Natawa siya nang isang tahol ang isinagot ng aso. “Sige, I'll think about it. Right now, good night na kasi may pasok pa si Mama Kath sa office bukas.”

Kapag malungkot siya, lagi na ay si Prada ang unang nakakapagpasaya sa kanya, pangalawa lang si Debbie. Inayos na niya ang pagkakahiga ng alaga sa kama, kaya hindi niya napansin ang dahan-dahang pagsara ng pinto ng kuwarto.

Sa pagmamadaling makauwi ni Debbie kanina ay hindi nito nailapat mabuti ang pinto, kaya nang mapadaan si Tin-Tin at marinig nitong kausap ng amo ang Chihuahua ay lihim itong nakinig.

Pumalpak ang plano ng magpinsan dahil sa tawag na iyon ni Kath. “I’m so sorry, Simon, I forgot kasi na nagpapasama nga pala si Mamita sa Divisoria, so that means I can’t be your date tommorow. Rain check?”

Ano pa nga ba ang puwede niyang sabihin kundi, “Ah, okay.” Alangang sermunan niya ito, hindi naman niya girlfriend.

Nagulat pa si Sim nang tapikin siya sa balikat ng kanyang mommy. “Something’s bothering you, Son?”

“May kinausap iyang anak mo sa cellphone at pagkatapos ay ayan na, tulala,” sabat ng Lola Mathilde niya. Nagbuburda ito ng panyolito, pero pinakikiramdaman pala siya. Ang akala yata nito ay may iniisip siyang kalokohan.

Nginitian niya ang mag-ina at tumayo na. “I’ll just go to my room to take a nap, Mom, Lola,” sabi niya. Iniwan niya sa silya si Hermes.

“Hep, dalhin mo sa kuwarto iyang aso mo, Simon. Napakaingay ng Hermes na iyan, naririndi ang tenga ko. Mali-mali tuloy ang pagbuburda ko rito,” utos ng lola niya sa kanya. At bumaling ito sa kanyang mommy. “Hindi ko talaga maintindihan iyang anak

mo, Julia, kung bakit bumili ng aso samantalang mula pagkabata ay pusa ang kinahiligang alagaan. At ang nakapagtataka pa, ang napili ay asong galit sa kanya! Aba'y baka namamatanda na ang apo kong iyan. Dapat yata ay hindi mo na isinamang magbakasyon dito sa Pilipinas ang batang iyan."

At may pahabol pa pala ito sa binata. "Huwag kang maninigarilyo sa kuwarto mo, Simon. Baka akala mo ay hindi ko naaamoy ang usok kapag napapadaan ako sa harap ng pinto mo. Ay, talaga namang napakatigas ng ulo ng anak mo, Julia! Kabilin-bilinan ko na..."

Nakatakip ang mga tainga niya habang paakyat ng hagdanan. Si Hermes naman ay sunud nang sunod sa kanya. *Tumityempo lang yata ang asong 'to para kagatin ako.*

Kung siya ay na-bad trip sa cancellation ng date nila ni Kath, si Ty naman ay nakahinga nang maluwag nang tawagan niya.

"I think it's for the best, Sim. Baka karmahin pa tayo pag ginantihan natin si Kath. Just leave her alone, Pinsan."

"I just don't get it. Who goes shopping in Divisoria at night, Ty? At hindi ba p'wedeng kay Tin-

Tin magpasama ang mom niya? What a lame excuse. All the while I thought she was attracted to me.”

“Mag-imbita ka na lang ng iba, Sim. May mga kababata naman tayong girls d’yan sa Tagaytay. I’m sure somebody will be happy to go with you. Ikaw pa.”

Nag-isip siya sandali. Bakit nga ba poproblemahin niya si Kath? At tama si Ty, dahil nang bagong dating sila, two hours pa lang ang nakalilipas ay apat nang kababatang babae nila ang pumunta sa bahay ng lolo at lola nila. Mayroong nanghiram ng screwdriver kay Lolo Paulo, ang isa ay naghatid ng prutas para kay Lola Mathilde, may nakigamit ng landline at mayroon pang nakiligo dahil ginagawa raw ang water pipe sa bahay nito.

Si Isolde Fortezza-Ponticelli iyon, ang half-Italian half-Filipina na nakatira sa kabilang kalye. Sa lahat ng mga kalaro nila ni Ty noon, ito ang pinaka-aggressive, pinaka-spoiled brat at pinakamayaman. Ito rin ang pinakamaganda. Ang makikita lamang na kapintasan, kung masasabi mang physical imperfection, iyon ay ang magkaroon si Isolde ng mas mahahabang second toes kaysa sa big toes sa mga paa nito. Lagi nila itong tinutukso noon na ‘the little girl with the not yet completely evolved feet’, hango sa nabasa ni Ty na

science book on the evolution of man.

Pero kahit na ganoon siya kasalbahe kay Isolde, hindi ito nagpakita ng pagkapikon sa kanya noon. In fact, sa kanya lang ito friendly. Si Ty ay lagi nitong tinatarayan kapag hindi siya kahirap. At hanggang ngayon, halatang ang little girl crush nito kay Sim ay nag-evolve na as a big girl crush.

“You’re right, Cuz, and I have just the girl in mind. Remember Isolde?”

“Ugh!” sabi ni Ty.

Napahalakhak siya. Hanggang ngayon pala ay inis ito sa kababata nilang bumu-bully rito noon. “Siguro mga five times na siyang nagpunta rito since we arrived. Kinukumusta ka nga, eh. It’s been years daw since she last saw you.”

“Huh? Nangungumusta lang ’yun para pa-beauty points sa ’yo. Kabisado ko na ang babaeng ’yun, Sim. Maliliit pa tayo ay gan’on na siya. Seryoso ka bang siya ang idi-date mo bukas?”

“Why not? Nag-back out na ang ex mo, di ba? Kung wala ka sanang trabaho bukas, gala na lang tayo kasi ayoko namang mag-stay dito the whole day with Lola and...” Nilingon niya si Hermes na noon ay nginangatngat ang burda ni Lola Mathilde sa bed

cover. "...this dog. Parehong mainit ang ulo sa 'kin ng mga 'to."

Napatawa ang pinsan niya. "So, how is Isolde now? Kasintaba na ba ng mama niya?"

"No, Bro, she looks like a cover girl. You know, long legs, smooth skin, long straight hair, designer clothes and shoes and sa tantya ko, 35-24-35. And the funny thing is, galit din sa kanya si Hermes. Ang lakas pa rin kasi ng boses." Sabay na humagalpak ng tawa ang magpinsan. Mayamaya lang ay nagpaalam na si Ty.

Magsisindi sana ng sigarilyo si Sim pero naalala niya ang bilin ng lola. Ipinasya niyang sa park na lang manigarilyo habang ipinapasyal niya si Hermes. Hinanap niya sa ilalim ng kama ang leash at dog collar nito. Nagwala kaagad ang aso nang makita iyon dahil hate na hate ni Hermes ang masuotan ng dog collar.

Marami siyang kasabay na nagpapasyal din ng mga aso sa park nang ganitong oras. May nakasalubong siyang isang batang babae na may pasyal na Boston Terrier. Ang markings nito ay tulad kay Prada, black and white. Dahil doon ay naalala niya si Kath.

Boyfriend For The Moment - Betty Soler

Puzzled si Sim. Bakit parang umiiwas ito sa kanya? After that one afternoon na halatang attracted ito sa kanya ay nag-iba na ang ihip ng hangin. Mali kaya ang basa niya sa dalaga na makikipag-on ito sa kanya within the week? Bakit Lunes pa lang ay nagbago na ang isip nito at mukhang nakahanap na ito ng bagong Valentine date? Kumunot ang kanyang noo. Madali na bang mawala ang appeal niya sa mga babae? Bakit kay Isolde at sa ibang girls dito sa Tagaytay ay appealing siya?

Ah, there's just something weird about Kath, naisip niya.

Pagbalik sa bahay ay naabutan na niyang nakikipag-bonding sa mommy niya si Isolde. Among the girls, ito ang pinakamasipag na mangapit-bahay at obvious naman kung bakit. Ngayon ay may dala itong *Ben & Jerry's* brownies and fudge ice cream. Nang nakaraang gabi ay *Johnsonville* sausages.

Para namang hindi pa nakakatikim ng imported food sina Mommy, natatawang sabi niya sa sarili.

“Oh, hi there, Sim!” malakas na bati nito sa kanya, sabay tayo sa sofa.

Isa pang kakatwa kay Isolde, malakas sa normal ang speaking voice nito. Parang laging malayo ang

distansya rito ng kausap. Baka raw namana sa mga Italyanong kamag-anak, ayon sa kanyang abuela.

Pumorma kaagad ng sugod si Hermes nang lumapit sa kanya si Isolde. Ayaw ng aso niya ng pasigaw magsalita, pero hanggang ngayon ay hindi pa rin maunawaan iyon ng dalagang bisita. Sasakmalin na sana nito ang binti ni Isolde kung hindi lang naagapang kargahin ito ni Lolo Paulo.

“Gutom na ito,” sabi ng abuelo at dinala na si Hermes sa kitchen.

“Bye, Hermes!” Kumaway rito si Isolde at nagtunugan ang maraming gold bracelets nito. Laging maraming suot na mamahaling alahas ang dalaga kahit nangangapit-bahay lang.

“Laging suot ng batang ’yun ang bank account niya, ano, Hijo?” joke ni Lolo Paulo noong makiligo ang babae sa kanila.

Isinama ni Sim palabas sa garden ang kababata. “Will you be my date tomorrow?” tanong niya rito. Napatili ito sa tuwa. Mula sa loob, nagtatahol sa galit si Hermes.